Araw ng Isports
Oktubre 13

# Pahayagan ng Yaizu





**Oktubre (10 月 Ju gatsu) / 2025 (令和 7 年 Reiwa 7 nen) /￥0**

QR code

**Yaizu City Hall (YAIZU SHIYAKUSHO)**
**Seksyon ng Tangkakal ng Pakikipagtulungan (KYODO SUISHIN-KA)**
**〒425-8502 Yaizu-shi Honmachi 2-16-32 Yaizu City Hall Main branch 3rd floor**
https://www.city.yaizu.lg.jp

PAHAYAGAN NG YAIZU
Bersyon ng Tagalog(タガログ語)

**Iskedyul ng Interpreter** 【Munisipyo Main branch】 English:Lunes－Biyernes 9:00am－4:30pm / Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 9:00am－4:30pm / Spanish:Lunes,Miyerkules-Biyernes 9:00am－4:30pm
※12:00pm－1:00pm Walang Interpreter.
【Oigawa branch】 Portuguese: Oktubre 2 at 16 (Ika-1&Ika-3 Huwebes) 9:30am－11:30am

## ■Para sa mga naapektohan ng Bagyong no.15 (Taifu 15go de higai wo uketa hito e)■



May impormasyon para sa mga taong naapektohan ng bagyong no.15 nooong Setyembre 5(Biyernes).
Maaaring magpalabas ng 「***Risai Shomeisho:Sertipikasyon ng Biktima ng Sakuna***」 bilang patunay ng natamong pinsala dulot ng bagyo at gawin ang aplikasyon ng pagpapaayos sa nasirang bahay.
Para sa karagdagang detalye,kumpirmahin ito mula sa Website.

【WEBSITE】 ←【WEBSITE】

https://www-city-yaizu-lg-jp.translate.goog/safety/bosai/bosai-info/taihu15.html?_x_tr_sl=ja&_x_tr_tl=tl&_x_tr_hl=ja&_x_tr_pto=wapp

## ■Pagpasok ng Child Allowance (Jido teate no furikomi)■

Ang Child allowance ay ihuhulog sa **Oktubre 14(Martes)**. Ang benipisyo para buwan ng Agosto,2025 hanggang Setyembre,2025 ay ihuhulog sa bangko ng tagatanggap ng benipisyo.

【Matatanungan】 Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(Kosodate Shien-ka) ☏054-626-1137

## ■After-school Kid's club Pulong sa Paggamit at Paliwanag sa bagong taong piskal■ (Hokago jido kurabu shinnendo riyou moushikomi setsumeikai)

Kapag nais pumasok sa After-school Kid's club simula sa Abril,2026, huwag kalimutan dumalo dito.
Mangyaring itanong sa club ang tungkol sa araw at oras ng Pulong ng Paliwanag.Kapag mayroon bagay na hindi maintindihan,mangyaring magtanong sa Seksyon ng Suporta sa Pamilya(Katei Shien-ka).



【Angkop】Magulang/Tagapangalaga na mayroong anak na Elementary student at wala sa tahanan sa mga tanghaliang oras dahil sa trabaho at iba pa
【Bayad sa Paggamit】 Mga ¥10,000/ 1 buwan
【Oras na magagamit sa karaniwang araw】 Hanggang 6:30pm
【Paraan ng Aplikasyon】Sulatan ng kailangan bagay ang application form na nasa club at isumite sa club.
【Matatanungan】Seksyon ng Suport sa Pamilya(Katei Shien-ka) ☏054-631-6978

## ■Subsidiya sa pagbabakuna ng Influenza vaccine sa mga Bata■ (Kodomo no infuruenza wakuchin hiyo no josei)



Para sa gastusin pagbabakuna ng Influenza vaccine ng mga batang hanggang 3rd year Junior High School student,ang lungsod ang magababayad sa parsyal na gastusin.
【Angkop】 Mga batang hanggang 3rd year Junior High School student at rehistrado ang paninirahan sa Yaizu city sa punto ng pagtanggap ng bakuna
**【Panahon ng Pagbabakuna】 Oktubre 1,2025(Miyerkules) hanggang Marso 31,2026(Martes)**
【Halaga ng subsidiya】 ¥1000 kada 1 beses
**(Sa pamamahay na tumatanggap ng Tulong sa Pumumuhay:Seikatsu Hogo,babayaran ng lungsod ang buong halaga.)**
【Bilang ng subsidiya】 Hanggang Grade 6 Elementary student・・・1 tao/ 2 beses
Junior High School student・・・1 tao/ 1 beses
【Paraan ng Aplikasyon】 Mag-aplay sa sinaad na mga Ospital. Kayo ay magbabayad ng halagang binawasan ng ¥1000.Kapag magpapabakuna maliban sa sinaad na mga Ospital ay kailangan sariling magbayad sa 100% ng gastusin.Pagkatapos,kung gagawin ang proseso sa Seksyon ng Pag-aalaga sa Kalusugan:Kenko Zukuri-ka(Atore branch) ay ihuhulog sa iyong bangko ang ¥1,000.
【Mga dadalhin sa Ospital】
1.) Aklat-talaan ng kalusugan ng mag-ina:Boshi Techo 2.) Pangtatak na selyo
3.) Katibayan ng pook ng tirahan tulad ng Sertipiko ng Benipisyaryo ng Medikal na Gastusin ng mga bata (Kodomo Iryohi Jyukyushasho) atbp.
【Matatawagan】 Sentro ng Pag-aalaga sa Kalusugan(Kenko Zukuri-ka)
Sentro ng Kalusugan:Hoken Senta) ☏054-627-4111

## ■Tapos na ba kayong sumagot sa National Census? (Kokusei chosa)■

Ang angkop sa National Census ay lahat ng taong nakatira sa bansang Hapon at sambahayan sa kasalukuyan ng Oktubre 1,2025. Ito ay isang mahalagang pagsisiyasat na obligadong sagutan. Hanggang sa **Oktubre 8(Miyerkules)**, huwag kalimutan sagutan ito sa pamamagitan ng internet o sa koreo.



【Matatawagan】 Fiscal year 2025 National Census Yaizu city Headquarters
(Kokusei Chosa Yaizu-shi Jisshi Honbu) ☏054-626-2154
National Census Contact Center ☏0570-02-5901 (9:00am〜9:00pm)



## ■Subsidiya para sa gastusin sa pagbabakuna ng Matatanda(Koreisha no wakuchin hiyo no josei)■

Simula sa Oktubre,magsisimula ang sumusunod na pagbabakuna.

| **Uri ng Bakuna** | **Influenza vaccine (Regular na Pagbabakuna sa Prebensyon)** | **COVID-19 vaccine (Regular na Pagbabakuna sa Prebensyon)** |
|---|---|---|
| Angkop **(Taong nabilang sa kanan (1.) o (2.) )** | (1.) Taong nasa edad 65 taong gulang pataas at ang paninirahan ay nasa loob ng Yaizu city<br>(2.) 60-64 gulang na nakarehistro ang tirahan sa lungsod ng Yaizu na may mabigat na sakit sa puso, bato, paghinga o may mahina ang resistensya dahil sa HIV **(Physical disability certificate class 1)**<br>★Dapat dumating na ang kaarawan ng angkop na edad sa araw ng pagbakuna | |
| Mga dadalhin | Bagay na mapagkukumpirmahan ng Pook ng tirahan,Pangalan,Edad tulad ng Driver's license,My number card at iba pa.Sertipikong Patunay ng Pagtanggap ng Tulong sa Pamumuhay:**Seikatsu Hogo Jukyusha Shomeisho (Para lamang sa mga Sambahayan ng Tumatanggap ng tulong sa Pamumuhay)**, Aklat-talaan ng taong may Pisikal na Kapansanan:**Shintai Shogaisha Techo (Para lamang sa nasasakop sa ② sa taas)** | |
| Panahon | **Oktubre 1,2025(Miyerkules) hanggang Pebrero 28,2026(Sabado)**<br>**※May kaibahan ang haba ng panahon depende sa Ospital.** | |
| Halagang babayaran sa Ospital | ¥1,600 (Libre sa tumatanggap ng Tulong sa Pamumuhay:***Seikatsu Hogo***) | ¥3,800 (Libre sa tumatanggap ng Tulong sa Pamumuhay:***Seikatsu Hogo***) |
| Lugar ng Pagbabakuna | Ospital na nasa Yaizu city・Fujieda city<br>※Para sa karagdagang detalye,mangyaring bisitahin ang Official website ng Yaizu city o magtanong sa Sentro ng Kalusugan:Hoken Senta.<br>**【Influenza】 【COVID-19】** | |

【Matatawagan】 Seksyon ng Pag-aalaga sa Kalusugan(Kenko Zukuri-ka)
(Sentro ng Kalusugan:Hoken Senta) ☏054-627-4111

## ■Benipisyong Suporta sa mga taong Namumuhay na Pensiyonado (Nenkin seikatsusha shien kyufukin)■

Magbibigay ng Benipisyong Suporta para sa mga taong namumuhay na Pensiyonado(Nenkin seikatsu shien kyufukin) sa mga taong mababa ang kita galing sa pensiyon iba pa at sa mga taong naaangkop sa tampok na mga kundisyon.
Aabisuhan ang mga bagong kwalipikadong indibidwal sa maagang linggo ng Setyembre.Mangyaring sulatan ng kailangang impormasyon ang nilakip na postcard sa loob ng sobre ***「Nenkin Seikatsusha Shien Kyufukin Seikyusho: Paktura sa Benipisyong Suporta para sa mga taong Pensiyonado」*** at ipadala niyo po ito.Mangyaring magtanong para sa karagdagang detalye.

【Ekslusibong numero para sa benepisyo】☏0570-05-4092
【Matatawagan】Seksyon ng Pambansang Seguro at Pensyon(Kokuho Nenkin-ka) ☏054-626-1114

## ■Naghahanap ng mga nais mag-aral ng 「Shigoto no tame no Nihongo:Nihongo para sa trabaho■
**(Shigoto no tameno Nihongo)**

Pag-aaralan ang mga gagamitin salitang Nihongo sa pagtatrabaho at business manner at iba pa.

【Angkop】 Taong may hawak na Permanent visa,Long-term visa,Child/Spouse of Japanese National at iba pa na naghahanap ng trabaho o kasalukuyang nagtatrabaho
【Lugar】 Sentro ng Pakikipag-uganayan sa Lokalidad ng Oigawa(Oigawa Chiiki Koryu Senta)
(Yaizu-shi Munadaka 900) at Online
**【Araw・Oras】 Oktubre 21,2025(Martes)ーEnero 29,2026(Huwebes) Martes−Biyernes 7:00pm−9:00pm**
**【Huling araw ng aplikasyon】 Oktubre 10(Biyernes)**
【Paraan ng Aplikasyon】Mag-aplay sa Hellowork. Magtanong para sa karagdagang detalye.
【Matatawagan】 Tsuda (Ms.Tsuda) （JICE: JAPAN INTERNATIONAL CORPERATION CENTER）
(Nihon Kokusai Kyoryoku Senta) ☏080-4336-0956
Mail:tabunka29@softbank.ne.jp (Marunong sa wikang Nihongo,English,Bisaya,Tagalog,Spanish)

## ■Naghahanap ng taong nais pumasok sa Prefektural School Fuji-no-kuni Junior High School■ (Pang-gabing Junior High school) (Fujinokuni chugakko ni nyugaku shitaihito boshu)

Ang paaralan ito ay para sa mga taong hindi nakapag-aral sa Junior High School sa bansang Hapon o Dayuhang bansa at nais mag-aral muli.Ang pag-aaral ay sa gabi. Maaaring makapasok sa paaralan kahit anumang edad o nasyonalidad. Naghahanap ng taong nais makapasok sa paaralan simula sa Abril,2026.





**【Panahon ng Pagtanggap】Oktubre 27,2025(Lunes)－Oktubre 31(Biyernes)**

Para sa karagdagang detalye,mangyaring tingnan ito. → https://fujinokuni-jhs.jp

【Matatawagan】Kagawaran ng Edukasyon sa Lalawigan ng Shizuoka(Shizuoka-ken Kyoiku Iinkai)
Seksyon ng Kompulsaryong Edukasyon(Gimu Kyoiku-ka) ☎054-221-3106

←【WEBSITE】

## ■Yaizu Marine Fireworks Festival （Yaizu kaijo hanabi taikai）■



**LUGAR** Palaisdaang Puwerto ng Yaizu **(Yaizu Gyoko)**

**(Distrikto ng Bagong Puwerto:Shinko area)**

**ARAW AT ORAS** **Oktubre 26(Linggo) 6:30pm－8:00pm**

※Kanselado kapag umulan ng malakas atbp.



Sa kalapitan lugar,may mga daanan na hindi maaaring pasukan ng sasakyan.

【Matatawagan】Tanggapan ng Komite ng Tagakasituparan ng Yaizu Marine Fireworks Festival
(Yaizu Kaijo Hanabi Taikai Jikko Innkai Jimukyoku) ☎054-626-6266

**※Sa akmang araw ng Fireworks festival 9:00am-8:00pm , automated voice recording ☎050-3665-1338 ang gagabay.**

## ■Pangkalahatang Pagsasanay sa Kontra-Sakuna ng Shizuoka Prefecture･Yaizu city･Fujieda city■ (Sogo bosai kunren)

Magsasagawa ng pangkalahatang pagsasanay sa kontra-sakuna habang nasaisip ang pangyayaring nagkaroon ng malaking lindol.Ang iba't ibang pagsasanay ay isasagawa sa 15 mga lokasyon sa Yaizu city, kabilang ang pagsasanay sa pagtulong sa mga nasugatan at pagtatayo ng mga evacuation shelter. Maaaring natin silipin ang gawain sa pagsasanay.
Para sa karagdagang detalye,mangyaring tingnan ito.

**URL link: https://www.city.yaizu.lg.jp//safety/bosai/bosai-info/others/r7sogobosaikunren.html**

**【Araw･Oras】 Oktubre 19(Linggo) 8:00am hanggang 12:00pm**

【Matatawagan】Seksyon ng Prebensyon ng Sakuna sa Lokalidad(Chiiki Bosai-ka) ☎054-623-2554

【WEBSITE】

## ■Kumbinyenteng apps sa panahon ng sakuna■ (Saigaino toki benrina apuri)



Mayroong apps at website para malaman ang mga kumbinyenteng impormasyon kapag nagkaroon ng lindol,tsunami,malakas na ulan.Maaaring makita sa iba't-ibang wika.
Bago paman dumating ang sakuna/kalaimidad ay i-download niyo po ito.

| App | Katangian ng App | QR code ng download | |
|---|---|---|---|
| | | iPhone / iPad | Android chrome |
| SHIZUOKA-KEN BOSAI  | ･Impormasyon ng sakuna at iba pa.<br>･ Maaaring malaman ang mga evacuation shelter at kalapitan lugar na maaring likasan.<br>･Mababasa sa 11 wika. | | |

Mayroong polyetong inilathala ng Cabinet office upang ipakilala ng Disaster apps at website. Maaaring mabasa sa iba't-ibang wika.
Maaaring i-download at makikinabangan ito kung ididikit sa mga lugar na makikita natin ito.

**【Website ng Cabinet office】**

https://www.bousai.go.jp/kokusai/web/index.html

【WEBSITE】




## ■Bayarin sa Municipal tax (Shizei no nofu)■

Mangyaring bayaran ang Buwis sa Residensya(Normal na kolekta) 3rd term at Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan 4th term (Kokumin Kenko Hokenzei) hanggang sa **Nobyembre 5(Miyerkules)**.
Huwag natin kalimutan bayarin ito sa bangko,convenience store.


【Matatawagan】Seksyon ng Promosyon sa Pagbabayad ng buwis (Nozei Sokushin-ka) ☎054-626-2147

## ■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)■ ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo

| Konsultasyon | Araw at Oras | Matatawagan | Detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon ukol sa bayarin ng buwis 【Oktubre】 | Lunes-Biyernes】<br>8:30am - 12:00pm, 1:00pm - 4:30pm<br>【Konsultasyon sa Huwebes ng Gabi】<br>←Walang Interpreter.<br>**Oktubre 2,9,16,23,30**<br>5:15pm-7:00pm<br>【Konsultasyon sa Linggo】<br>5:15pm-7:00pm<br>【Konsultasyon sa Linggo】<br>**Oktubre 26** 9:00am-12:00pm | Yaizu City Hall<br>Seksyon ng Promosyon sa Pagbabayad ng buwis<br>(Yaizu Shiyakusho Nozei Sokushinka)<br>☎054-626-1140<br>☎054-626-2148 | Kung hindi mababayaran ang buwis sa takdang petsa ng pagbayad,magpunta at komunsulta.<br>※May interpreter sa wikang Tagalog,Bisaya,English,Portuguese sa araw ng linggo. |
| VISA | Lunes－Biyernes<br>8:30am－5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya)<br>☎0570-013904 | Ukol sa proseso ng pagpasok sa bansa at Proseso ng pananatili o visa. (English・Korean・Chinese・Spanish atbp.) |

**■Iskedyul ng Ospital at Botika sa Linggo at Holiday (Oktubre)■** ※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am-5:00pm (Ang may marka na ☆ ay 9:00am-5:00pm) Dentista・・・9:00am-3:00pm】



**【５(Linggo)】** **NAI-KA(Internal Medicine)** Fukumura clinic (Daieicho 2) ☎627-1228

**NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric)** Nakayama clinic (Shimooda) ☎623-0090 **GE-KA(External Medicine)** Sawai iin (Sakaemachi 2) ☎626-6660 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Yaizu 6 chome jibi inkoka (Yaizu 6) ☎620-6001

**SHI-KA(Dentistry)** Kawamura shika iin(Honmachi 3) ☎628-2503 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Melon yakkyoku (Daieicho 1) ☎629-8862, Yunisumairu yakkyoku Ishizu-ten(Ishizuminatocho) ☎623-9311, Marin yakkyoku (Sakaemachi 2) ☎621-1008, Subaru yakkyoku (Yaizu 6) ☎627-2831

**【12(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Iwata clinic☆(Munadaka) ☎662-2311 **NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric)** Ashida clinic (Yosoji1) ☎623-5656 **GE-KA(E.M)** Hara seikei geka clinic (Oyaizu) ☎620-8772 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Amano jibiinkoka clinic☆(Fujieda-shi Tanaka 3) ☎646-3313 **SHI-KA(Dentistry)** Nakagawa shika iin (Shiotsu) ☎628-2318 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606, Aozora yakkyoku (Munadaka) ☎664-0277

**【13(Lunes・Pista Opisyal)】** **NAI-KA(I.M)** Itaya clinic (Kohiji) ☎621-5200 **SHONI-KA(Pediatric)** Yamamoto shonika (Ishizu2) ☎656-0100 **GE-KA(E.M)** Yaizu ekimae seikei geka riumachi rihabiri clinic (Nakaminato 1) ☎621-5511 **SHI-KA(Dentistry)** Family shika iin (Soemon) ☎623-0538 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Yotsuba yakkyoku (Ishizu2) ☎625-0005

**【１９(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Community hospital koga byoin (Daikakuji 2) ☎628-5500 **SHONI-KA(Pediatric)** Horio shonika (Nishikogawa 2) ☎626-5500 **SANFUJIN-KA(Obstetrics/Gynecology)** Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5) ☎627-5585 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Mori jibi inkoka☆(Fujieda-shi osu 1) ☎635-8687 **GAN-KA(Ophthalmology)** Yaizu kogawa ganka (Higashikogawa 2) ☎ 626-8860 **SHI-KA(Dentistry)** Masui shika iin (Tajiri) ☎ 623-1281 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Sakura yakkyoku yaizu nishikogawa-ten (Nishikogawa 1) ☎620-8844, Akagi yakkyoku kogawa-ten (Higashikogawa 2) ☎626-5300

**【26(Linggo)】** **NAI-KA(I.M)** Nagata clinic (Oyaizu) ☎631-6015, Yokoyama shokaki naika☆(Shimokosugi) ☎622-0045 **SHONI-KA(Pediatric)** Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎620-8814 **GE-KA(E.M)** Okubo iin (kamikosugi) ☎622-2500 **JIBI-KA(Otolaryngology)** Tanaka jibika (Oyaizu) ☎621-5888 **SHI-KA(Dentistry)** Daiei shika iin (Daieicho 2) ☎629-2299 **YAKKYOKU(Pharmacy)** Genki yakkyoku(Oyaizu) ☎620-7237, Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎639-6277, My yakkyoku (Kamikosugi) ☎662-1677, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎620-7500, Shimokosugi yakkyoku (Shimokosugi) ☎664-2151

## ■Pang-gabi na Ospital (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■

Lugar: Shida･Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta（Fujieda Shi Setoaraya 362-1） ☎054-644-0099

Departamento: Internal Medicine, Pediatric ※Pedia lamang ang sumusunod na iskedyul sa gabi 10:00pm pataas

Oras: Lunes~Biyernes (7:30pm~10:00pm)/ Sabado at Linggo (7:30pm hanggang kinaumagahan ng 7:00am)

**<Oktubre 4(Sabado),12(Linggo),18(Sabado),26(Linggo) Nobyembre 1(Sabado) >**

Mga dadalhin:

・Kahit isa alinman sa **Mynu-insurance** o Kard ng Seguro sa Kalusugan:**Kenko Hokensho** o Sertipiko ng Kumpirmasyon ng Elihibilidad:**Shikaku Kakuninsho**
・Sertipiko ng Benipisyaryo ng Medikal na Gastusin ng mga bata:**Kodomo Iryohi Jukyushasho**,Aklat-talaan ng Kalusugan ng Mag-ina:**Boshi (Kenko) Techo** atbp.
・Recordbook ng Medikasyon sa Gamot:**Okusuri Techo**